


# Maligayang pagdating!



Útgevari: Sig frá – Almanna- og mentamálaráðið í samstarvi við Kvinnuhúsið og Útlendingastovuna
Útgivið: 2024
Uppseting: Anna & annað – Anna Simonsen
Prent: Estra
Talgild útgáva (PDF fíla) kann takast niður av heimasíðuni hjá ammr.fo

# Maligayang pagdating!

Maligayang pagdating sa Faroe Islands! nawa'y maging komportable ka at magkaroon ng sapat na pagkakataon na maunawaan ang lugar at mahanap ang iyong sariling espasyo dito sa ating komunidad!

Bilang isang mamamayan ng Faroe Islands, mayroon kang mga karapatan at tungkulin. Layunin ng polyeto na ito na magbigay ng impormasyon at kaalaman upang magkaroon ng mabuting pag-unawa sa mga sumusunod.

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon, tulong o gabay, huwag kang mag-atubiling magtanong.

## Serbisyo para sa kapakanang pampubliko!

Ang Faroe Islands ay isang welfare society o mapang-alagang lipunan kung saan ang pamahalaan ay nagtataguyod ng responsibilidad para sa kapakanan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga mamamayan ay mayroong pribilehiyo sa mga pangunahing mapagkukunan tulad ng pangangalagang kalusugan, edukasyon at trabaho. Karamihan ng mga serbisyong ito ay pinopondohan sa pamamagitan ng buwis.

### Edukasyon

Ang pamahalaan ng Faroe Islands ay naglalaan ng sapat na pondo upang matiyak na ang kanilang mamamayan ay makakuha ng edukasyon. Ang edukasyon ay libre, at ayon sa batas ng paaralan ng elementarya o „Folkaskúlalógin", kinakailangan ang hindi bababa sa siyam na taon ng pag-aaral, na kadalasang nagsisimula sa edad na 7. Ang proseso ng pagpaparehistro sa paaralan ay isinasagawa mismo sa paaralan sa iyong lugar ng tinitirhan.

### Pangkalusugan

Kung ikaw ay mayroong personal na numero ng pagkakakilanlan ng Faroese o P-TAL, maaari kang makakuha ng libreng serbisyong pangkalusugan tulad ng mga konsultasyon sa doktor, at ikaw ay konektado rin sa iyong lokal na doktor ng komunidad kung saan ka naninirahan.

Kung ikaw ay nangangailangan ng tulong medikal pagtapos ng regular na oras ng trabaho, maaari kang tumawag sa numero na 1870 para sa tulong.

### Trabaho

Sa aspeto ng trabaho, bawat indibidwal ay responsable sa paghahanap ng sarili trabaho, gayunpaman mayroon serbisyo tulad ng employment service o tinatawag nilang ALS na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga bakanteng trabaho. Makikita ang mga detalye sakanilang

website na www.als.fo, kung nais mong humingi ng tulong o magtanong tungkol sa oportunidad sa trabaho, maari kang tumawag sa ALS sa numerong 34 95 50.

### Pag-aalaga ng mga bata

Karamihan sa mga munisipalidad sa Faroe Islands, mayroong mga iba't ibang mga pampublikong pasilidad tulad ng daycare center, preschool, after-school care, at pribadong serbisyo ng pag-aalaga ng bata. Layunin ng mga pasilidad na ito na magbigay ng suporta sa mga pamilya at tulungan ang mga magulang sa pangangalaga ng kanilang mga anak habang sila ay nasa trabaho o iba pang gawain. Maaari kang magparehistro ng iyong anak sa anumang mga serbisyong ito sa iyong munisipalidad ng tinitirhan.

Maaari kang magtanong at humingi ng gabay tungkol sa mga serbisyong inaalok ng lipunan, nang sa gayon ay makakuha ka ng tamang impormasyon na iyong kailangan.

### Taga-pagsalin (Translator)

Ang kalusugan at kaginhawaan ay mahalaga! Kaya't mahalagang maunawaan mo nang mabuti ang lahat ng mga impormasyon at direksyon na ibinibigay ng doktor kapag ikaw o ang iyong mga anak ay nagpunta sa konsultasyon. Kung sakaling hindi mo gaanong maunawaan ang wikang Faroese o Ingles, may karapatan ka na humiling ng tulong mula sa isang tagapagsalin na magsasalin sa iyong sariling wika o sa iba pang wikang nauunawaan mo.

Ang karapatan na ito ay hindi lamang umiiral sa mga medikal na pagpapakonsulta kundi maaari ring gamitin sa iba't ibang mga sitwasyon tulad ng pakikipag-usap sa pulisya o sa tanggapan ng imigrasyon.

Maiging ipaalam ng maaga bago pumunta sa anumang panayam na kailangan mo ng tagapagsalin para masigurado na mabigyan ka ng tamang suporta sa komunikasyon at matiyak na maunawaan ng mga kinauukulan ang iyong mga pangangailangan.

## Sebisyo para sa integrasyong panayam

Bilang isang bagong dating sa Faroe Islands, binibigyan ka ng pagkakataon na humiling ng isang integrasyong panayam sa Útlendingastova (Immigration Office). Sa pamamagitan ng panayam na ito, layunin na talakayin ang iyong edukasyon at trabaho, iyong mga plano para sa hinaharap sa Faroe Islands, pati na rin ang pangkalahatang impormasyon, payo, at gabay kaugnay ng iyong bagong buhay bilang residente sa bansa.

Kung hindi mo masyadong nauunawaan ang Faroese o Ingles, maaring magkaroon ng isang tagapagsalin upang matulungan kang maintindihan ang lahat ng detalyeng ipinaliwanag.

Maaari kang makipag-ugnayan sa Útlendingastova at humiling ng panayam. Maaari kang tumawag sa numerong 35 79 79 o mag-email sa kanilang address na info@utlendingastovan.fo

## Kurso sa wikang Faroese

Kurso sa wikang Faroese bilang isang bagong residente, para sa mga matatanda, mayroon kang pagkakataon na dumalo sa kurso para matuto ng wikang Faroese.

***Faroese bilang ikalawang wika para sa mga matatanda o Føroyskt sum annaðmál (FSA):***

Ang mga matatandang bagong residente ay maaaring mag-palista at makakuha ng libreng tulong sa pag-aaral ng wika, na sumusunod sa programa ng pag-aaral sa Faroese bilang ikalawang wika para sa mga matatanda (*Føroyskt sum annaðmál (FSA) fyri vaksin*). Ito ay intensibong pagtuturo na maaaring pasukan sa umaga o sa gabi. Ang mga kursong ito ay maaring umabot ng 2-4 na taon at may mga lokasyon sa 4 na lugar sa bansa: *FSA* sa *Kambsdalur, FSA* sa *Suðuroy, FSA* sa *Vágur* at *FSA* sa *Tórshavn.*

Kung ikaw ay interesado, maaari kang magpadala ng e-mail sa fsa@uvs.fo para sa karagdagang impormasyon, mga katanungan at pagpaparehistro.

***Faroese para sa mga dayuhan:***

Ang mga munisipalidad sa buong bansa ay nag-aalok din ng maikling libreng kurso sa wikang Faroese para sa mga dayuhan. Ang mga kurso na ito ay maaaring matagpuan sa iba't ibang lugar sa buong bansa at karaniwang tumatagal ng mas maikling panahon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito, maaari kang magtanong sa iyong munisipalidad kung saan ka naninirahan.

## Ipaglaban ang iyong kultura, pananampalataya, at opinyon

Sa Faroe Islands, pinahahalagahan ang kalayaan ng bawat indibidwal na magkaroon ng kaniyang sariling pananaw, pananampalataya, at opinyon. Ibig sabihin, malaya ang bawat isa na mag-isip at magdesisyon ayon sa kanyang kagustuhan at paniniwala.

Batay sa konstitusyon ng Denmark, na naipapatupad din sa Faroe Islands, ay nagpapahayag na ang personal na kalayaan ay itinataguyod at pinangangalagaan. Ito ay nangangahulugan na hindi ka dapat husgahan batay sa iyong mga paniniwala sa pulitika, personal na pananampalataya, o iyong pinagmulan.

Sa aspeto ng pananampalataya, ang pangkalahatang simbahan ng Faroese ay Luterano-evangelikal. Mayroon ding iba pang mga samahan at simbahan sa Faroe Islands. Ayon sa konstitusyon, lahat ay malaya na magtipon sa relihiyosong konteksto, batay sa kanilang sariling paniniwala.

Kaya't malaya kang magkaroon ng iyong sariling relihiyon, ipahayag ang iyong opinyon, at makilahok sa kultural at pampulitikang gawain, na ayon sa iyong kagustuhan

## Walang puwang para sa kalupitan

Lahat ay may karapatan na mabuhay ng isang buhay na malaya mula sa anumang uri ng pang-aapi at pang-aabuso. Sa Faroe Islands, ang lahat ng uri ng kalupitan ay labag sa batas, maging ito ay sa loob ng tahanan o kahit saan pa, at pareho itong laban sa mga bata at matatanda. Ang pang-aabuso o kalupitan sa mga mag-asawa at iba pang may relasyon ay nagpapakita sa iba't ibang paraan, kabilang dito ang pisikal, mental, pinansyal, materyal, sekswal, berbal na pang-aabuso, at pang-aabuso gamit ang social media. Ang pag-paguugali na ito ay maaaring magpakita ng pamimilit, pamumwersa, pananakot, pagbabanta at pang-aabuso, na naglalayong makontrol at manupil ang ibang tao.

Ang pamumuhay sa ilalim ng pang-aabuso ay maaaring magdulot ng matinding epekto sa isang tao, partikular sa kanilang kalusugan sa pag-iisip at emosyonal na kalagayan. Ang mga indibidwal na nakakaranas ng pang-aabuso ay maaaring magpakita ng mga sintomas tulad ng trauma, pagiging malungkot, pagkabalisa, at pagiinom ng alak bilang paraan ng pagtago o paglutas sa kanilang mga damdamin. Ang mga bata na nakatira sa isang kapaligiran na may pang-aabuso ay laging nasa ilalim ng tensyon at panganib. Ang kanilang karanasan sa pang-aabuso ay maaaring magresulta sa mga isyu tulad ng pagiging agresibo at kawalan ng tiwala sa sarili.

Ang pang-aabuso, kahit sa loob ng tahanan, ay hindi kailanman pinapayagan. Ito ay labag sa batas. Ang pisikal na pang-aabuso ay maaaring parusahan ng hanggang tatlong taon na pagkakakulong. At ang isang indibidwal na nananakot at may pang-aabuso ay maaaring parusahan ng hanggang dalawang taon sa bilangguan.

Ang batas sa Faroe Islands ay kasama sa pandaigdigang karapatang pantao, kung saan itinatag: *Walang sinuman ang dapat isa-panganib sa anumang uri ng pagmamalupit o pang-aabuso, na nagdudulot ng kahihiyan, hindi makatao, o pagkasira ng dignidad ng isang tao.*

Ang puwersa ng pulisya, sistema ng pangangalaga sa kalusugan, at mga serbisyong pampubliko ay hindi korap at hindi maaaring suhulan. Kung ikaw ay may duda tungkol sa iyong mga karapatan sa bansa, maaari kang humingi ng payo at gabay nang kumpidensyal mula sa tanggapan ng imigrasyon (Útlendingastova).

Kung ikaw ay namumuhay sa mapang-abusong tahanan, nakakaranas ng anu mang uri ng pang-aabuso o kailangan mo ng payo kung paano makaiwas sa pang-aapi, huwag kang mag-atubiling tawagan ang awtoridad o humingi ng payo at tulong mula sa „Liv uttan harðskap“, na matatagpuan sa listahan ng mga linya ng tulong para sa mga ganitong sitwasyon.

Kung may pang aabuso sa iyong tahanan, ipahayag mo! huwag kang matakot.

## Linya ng tulong / help-lines

Kung kailangan mo ng impormasyon, payo, o tulong, ikaw ay malugod na inaanyayahan na tumawag sa mga linya ng tulong na ito:

**ÚTLENDINGASTOVAN**

– Ito ay isang serbisyo na nagbibigay ng mga payo at impormasyon tungkol sa residence permit at work permits sa Faroe Islands. Maaari kang tumawag sa numerong 35 79 79 (Lunes – Biyernes 9:00 – 15:00). Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website sa www.utlendingastovan.fo.

**RÆTTARHJÁLP FØROYA**

– Ito ay isang libreng serbisyo na nagbibigay ng tulong mula sa mga abogado. Maaari kang tumawag sa numerong 31 98 23 (Martes 18-20 at Huwebes 16-18). Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website sa www.raettarhjalpin.fo.

**KVINNUHÚSIÐ**

– Ito ay isang Women's Crisis Center sa Tórshavn na nagbibigay ng tulong sa mga kababaihan na nakaranas ng pang-aabuso sa pakikipagrelasyon o sa mga kasintahan. Maaari kang tumawag sa numerong 31 72 00. Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website sa www.kvinnuhusid.fo.

**LIV UTTAN HARÐSKAP**

– ay nagbibigay ng ambulanteng gabay para sa mga kababaihan, kalalakihan, at mga kaugnay na tao na nakaranas ng pang-aabuso sa kanilang mga relasyon o pamilya. Maaari kang tumawag sa numerong 32 00 32 (Lunes – Biyernes 10:00-15:00). Puwede ka ring magpadala ng email sa post@livuttanhardskap.fo. Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website sa www.kvinnuhusid.fo

**NEYÐTØKUTILBÚGVING**

– Kung ikaw ay naging biktima ng pangaabuso o panggagahasa, maaari kang humingi ng tulong at konsultasyon sa serbisyo sa ospital (Landssjúkrahúsinum). Maaaring tumawag sa numerong 30 46 00. para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website sa https://sv.ls.fo/deildir/kliniskar-deildir/skurð-ambulatorium/gynaekologisk-ambulatorium/neyðtoekutilbúgving/

**BARNABATI**

– Ang „Tú & eg ráðgevingin" ay isang bahagi ng „Barnabati" at nagbibigay ng libreng payo at gabay sa mga bata at kabataan mula sa mga boluntaryo. Maaaring tumawag sa numerong 11 61 11 (tuwing gabi mula 20:00-22:00 at Lunes – Byernes 09:00-16:00). Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website sa www.barnabati.fo.

**BARNAVERND**

– Barnaverndarstova Føroya- ito ay ahensya para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng tulong. Kapag ang magulang ay hindi makapagbigay ng sapat na pangangalaga para sa mga



bata at proteksyon na nasa ilalim ng 18 taon gulang, maaaring tawagan ang Barnavernd upang humingi ng tulong sa numerong 30 24 80 (Lunes -Byernes 10:00-15:00). Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website sa www.bvs.fo.

## GIGNI

– Ang GIGNI ay Nagbibigay ng ibat'ibang serbisyo para sa kalusugan ng mga bata at kabataan, kabilang ang mga regular na check-up, konsultasyon sa mga doktor at espesyalista, at iba pang pang kalusugan na angkop sa kanilang pangangailangan. Ang kanilang layunin ay tiyakin na ang bawat bata ay nagkakaroon ng tamang suporta at pangangalaga para sa kanilang pisikal at pangkaisipan na pag-unlad. Maaari kang tumawag sa numerong 61 40 00. Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website sa www.gigni.fo.

## FAMILJUFYRISITINGIN

– Ang Familjufyrisitingin ay nagbibigay ng iba't ibang mga serbisyo sa buong bansa na nauukol sa pamilya at mga karapatan ng tao. Maaari kang tumawag sa numerong 20 22 24 (Lunes – Biyernes 10:00-12:00 at mula 12:30-14:00). Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website sa www.famf.fo.

## VEGLEIÐARASTOVAN

– Ang Vegleiðarastovan ay nagbibigay gabay at impormasyon sa lahat ng mga indibidwal sa Faroe Islands tungkol sa kanilang layunin sa edukasyon, karera, at mga oportunidad sa trabaho. Maaari kang tumawag sa numerong 20 09 10, mag-email sa vegleiding@uvs.fo. Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website sa www.vegleiding.fo

## ALMANNAVERKIÐ

– Sosialkontór – Ito ay ang tanggapan ng mga serbisyong panlipunan sa Faroe Islands. Maaari kang magtanong o humingi ng tulong at suporta sa mga isyu tulad ng benepisyo, tulong pinansyal, at iba pang mga serbisyo. Maaari kang tumawag sa numerong 36 00 00. Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website www.av.fo

## POLITISTØÐIN

– Løgregla – Ito ay ang pulisya ng Faroe Islands. Maaari kang tumawag sa numerong 35 14 48. Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang bumisita sa kanilang website www.politi.fo

## ALARMSENTRALURIN

– Akutt – Ito ay ang serbisyon ng emergency response sa Faroe Islands. Maaari kang tumawag sa numerong 112 para sa agarang tulong sa mga emerhensiyang sitwasyon.

Hindi mo kailangang maging bihasa sa wika ng Faroese upang magamit ang mga serbisyo na ito. Maaari kang tumawag at magtanong para sa karagdagang impormasyon at gabay.



Sig frá

ALMANNAMÁLARÁÐIÐ
MINISTRY OF SOCIAL AFFAIRS